

# BAKUNA LABAN SA POLYO

## ANG DAPAT NINYONG MALAMAN

### 1 Ano ang polyo?

Ang polyo ay isang sakit na sanhi ng virus. Pumapasok ito sa katawan ng bata (o may sapat na gulang) sa pamamagitan ng bibig. Kung minsan hindi ito nagiging sanhi ng malubhang sakit. Nguni't kung minsan ito ay nagiging sanhi ng *pagkalumpo* (hindi maigalaw ang bisig o binti). Maaari itong makamatay ng mga taong nagkaroon nito, karaniwan ay sa pag-aalis ng kakayahang igo ang mga kalamnan na tumutulong sa kanilang huminga.

Ang polyo ay dating laganap sa Estados Unidos. Nilulumpo nito at pinapatay ang libu-libong tao sa isang taon bago tayo nagkaroon ng bakuna laban dito.

### 2 Bakit kailangang magpabakuna?

Ang (Bakunang Polyong Di-aktibo) Inactivated Polio Vaccine (IPV) ay nakakapigil ng polyo.

**Kasaysayan:** Ang epidemiya ng polyo noong 1916 sa Estados Unidos ay pumatay ng 6,000 tao at lumumpo ng 27,000 pa. Sa mga unang bahagi ng mga taong 1950 may mahigit sa 20,000 kaso ng polyo bawa't taon. **Sinimulan ang pagbakuna laban sa polyo noong 1955.** Pagdating ng 1960 ang bilang ng mga kaso ay bumaba ng mga 3,000, at pagdating ng 1979 mga 10 na lamang. Ang tagumpay ng bakuna laban sa polyo sa Estados Unidos at iba pang bansa ay sinundan ng pagsisikap sa buong mundo na alisin ang polyo.

**Ngayon:** Walang ligaw na polyong naiulat sa Estados Unidos sa mahigit na 20 taon. Nguni't ang sakit ay laganap pa rin sa ilang bahagi ng mundo. Isang kaso lamang ng polyo mula sa ibang bansa ay sapat na upang ibalik ang sakit kung hindi tayo protektado ng bakuna. Kung ang pagsisikap na alisin ang sakit mula sa mundo ay magtagumpay, darating ang araw na hindi na natin kailangan ang bakuna laban sa polyo. Sa ngayon, kailangan nating pabakunahan ang ating mga anak.

### 3 Sino ang dapat tumanggap ng bakuna at kailan?

Ang IPV ay isang iniksiyon, ibinibigay sa binti o bisig, depende sa edad. Ang bakuna laban sa polyo ay maaaring ibigay kasabay ng ibang mga bakuna.

#### Mga Bata

Karamihan sa mga bata ay dapat tumanggap ng bakuna laban sa polyo. Ang mga bata ay tumatanggap ng 4 na dosis ng IPV, sa mga edad na ito:

- ✓ Isang dosis sa 2 buwan
- ✓ Isang dosis sa 4 na buwan
- ✓ Isang dosis sa 6-18 buwan
- ✓ Isang pandagdag na dosis sa 4-6 na taon

#### Mga May Sapat na Gulang

Karamihan sa mga may sapat na gulang ay hindi nangangailangan ng bakuna laban sa polyo dahil sa nabakunahan na sila noong mga bata pa. Ngunit't tatlong grupo ng mga may sapat na gulang ang nasa mas malaking panganib at *dapat* na isaalang-alang ang pagpapabakuna laban sa polyo:

- (1) mga taong naglalakbay sa mga lugar ng mundo kung saan ang polyo ay laganap,
- (2) mga nagtatrabaho sa laboratoryo na maaaring nangangasiwa ng virus ng polyo, at
- (3) mga manggagawa sa pangangalaga ng kalusugan na gumagamot ng mga pasyenteng maaaring may polyo.

Ang mga may sapat na gulang sa tatlong grupong ito **na hindi pa nababakunahan laban sa polyo** ay dapat tumanggap ng 3 dosis ng IPV:

- ✓ Ang unang dosis anumang oras,
- ✓ Ang ikalawang dosis pagkaraan ng 1 hanggang 2 buwan,
- ✓ Ang ikatlong dosis 6 hanggang 12 buwan pagkaraan ng ikalawa.

Ang mga may sapat na gulang sa tatlong grupong ito **na tumanggap na ng 1 o 2 dosis** ng bakunang polyo ay dapat kunin ang natitirang 1 o 2 dosis. Hindi mahalaga kung gaano na katagal ang naunang (mga) dosis.

#### Pambibig na Bakuna sa Polyo: Hindi na Inirerekomenda

May dalawang uri ng bakuna laban sa polyo: **IPV**, na siyang inirerekomenda sa Estados Unidos ngayon, at ang buhay, (pambibig na bakuna sa polyo)oral polio vaccine (**OPV**), na ipinapatak at nilulunok.

Hanggang kamakailan, ang OPV ay inirerekomenda sa karamihan sa mga bata sa Estados Unidos. Ang OPV ay tumutulong sa ating alisin ang polyo sa bansa, at ito ay ginagamit pa rin sa maraming bahagi ng mundo.

Ang parehong bakuna ay nagbibigay ng panlaban sa polyo, pero ang OPV ay mas mahusay sa pagpigil na kumalat ang sakit sa ibang tao. Gayunman, sa ilang tao (mga isa sa 2.4 milyong), ang OPV mismo ang nagiging dahilan ng polyo. Dahil ang panganib na magkapolyo sa Estados Unidos ay labis na maliit, naniniwala ang mga eksperto na ang pambibig na bakuna sa polyo ay hindi na dapat gamitin, maliban sa mga limitadong pangyayari na mailalarawan ng inyong doktor. Ang iniksiyong polyo (IPV) ay hindi nagiging dahilan ng polyo. **Kung kayo o ang inyong anak ay tatanggap ng OPV, humingi ng kopya ng Suplementong Pahayag ng Impormasyon Tungkol sa Bakunang OPV.**

Ang mga may sapat na gulang sa tatlong grupong ito **na tumanggap na ng 3 o mahigit na dosis** ng bakuna laban sa polyo (IPV o OPV man) ay maaaring tumanggap ng pandagdag na dosis ng IPV).

Humingi ng iba pang impormasyon sa inyong tagapagkaloob ng pangangalaga ng kalusugan.

**4**

## May mga taong hindi dapat tumanggap ng IPV o dapat maghintay.

### Ang mga taong ito ay hindi dapat tumanggap ng IPV:

- Sinumang nanganib na ang buhay sa reaksiyong alerhiya sa mga antibiotic na **neomycin, streptomycin o polymyxin B** ay hindi dapat tumanggap ng iniksiyon sa polyo.
- Sinumang nagkaroon na ng malubhang reaksiyong alerhiya sa iniksiyon sa polyo ay hindi dapat tumanggap pang muli.

### Ang mga taong ito ay dapat maghintay:

- Sinumang may kainaman o malubhang sakit sa oras na nakaiskedyul ang bakuna ay dapat maghintay hanggang sa gumaling bago tumanggap ng bakuna laban sa polyo. Ang mga taong may magagaan na sakit, tulad ng sipon, ay *maaaring* bakunahan.

Humingi ng iba pang impormasyon sa inyong tagapagkaloob ng pangangalaga ng kalusugan.

**5**

## Ano ang mga panganib mula sa IPV?

May mga taong tumanggap ng IPV na nakakaranas ng pananakit sa lugar na binigyan ng iniksiyon. Ang bakunang ginagamit ngayon ay hindi nababalitang naging sanhi ng anumang malubhang problema, at karamihan sa mga tao ay hindi nagkakaroon ng mga problema rito.

Gayunman, ang bakuna, tulad ng anumang gamot, ay maaaring maging dahilan ng malubhang problema, tulad ng matinding reaksiyong alerhiya. *Ang panganib na maging sanhi ang iniksiyon laban sa polyo ng malubhang pinsala, o kamatayan, ay sukdulan ang liit.*

**6**

## Paano kung may malubhang reaksiyon?

### Ano ang dapat kong tingnan?

Humanap ng anumang hindi karaniwang kondisyon, tulad ng malubhang reaksiyong alerhiya, mataas na lagnat, o hindi pangkaraniwang asal.

Kung may malubhang reaksiyong alerhiya, mangyayari ito sa loob ng ilang minuto hanggang ilang oras pagkaraan ng iniksiyon. Ang mga tanda ng isang malubhang reaksiyong alerhiya ay maaaring kabilang ang paghihirap huminga, panghihina, pamamaos o paghuni, mabilis na tibok ng puso, pamamantal, pagkahilo, pamumutla, o pamamaga ng lalamunan.

### Ano ang dapat kong gawin?

- Tumawag ng doktor, o dalhin kaagad ang may-sakit sa doktor.

- Sabihin sa inyong doktor kung ano ang nangyari, ang petsa at oras na nangyari ito, at kung kailan ibinigay ang bakuna.
- Sabihin sa inyong doktor, nars o kagawaran ng kalusugan na magharap ng form ng (Sistema ng Pag-uulat ng Masamang Pangyayari sa Bakuna) Vaccine Adverse Event Reporting System (VAERS), o tumawag kayo mismo sa VAERS sa **1-800-822-7967**.

Ang pag-uulat ng mga reaksiyon ay nakakatulong sa mga eksperto na malaman ang tungkol sa mga posibleng problema sa mga bakuna.

**7**

## Pambansang Programang Pagbabayad sa Pinsala sa Bakuna

Sa bihirang pagkakataon na kayo o ang inyong anak ay nagkaroon ng malubhang reaksiyon sa isang bakuna, isang pederal na programa ang nilikha upang tulungan kayong bayaran ang pangangalaga sa mga napinsala.

Para sa mga detalye tungkol sa (Pambansang Programang Pagbabayad sa Pinsala sa Bakuna) National Vaccine Injury Compensation Program, tumawag sa **1-800-338-2382** o bisitahin ang website ng programa sa <http://www.hrsa.gov/bhpr/vicp>

**8**

## Paano ako makakakuha ng karagdagang kaalaman?

- Magtanong sa inyong doktor o nars. Maaari silang magbigay ng paketeng paningit tungkol sa bakuna o magmungkahi ng ibang mapagkukunan ng impormasyon.
- Tawagan ang programa sa imyunisasyon ng inyong lokal na kagawaran ng kalusugan o kagawaran ng kalusugan ng estado.
- Kontakin ang (Mga Sentro sa Pagkontrol at Pagpigil ng Sakit) Centers for Disease Control and Prevention (CDC):
  - Call 1-800-232-4636 (1-800-CDC-INFO)
  - Bisitahin ang website ng (Pambansang Programang Imyunisasyon) National Immunization Program sa <http://www.cdc.gov/nip>



**U.S. DEPARTMENT OF HEALTH & HUMAN SERVICES**  
Centers for Disease Control and Prevention  
National Immunization Program

Vaccine Information Statement

Polio IMM 548 ML - Tagalog - 1/1/2000

Translated by Transcend Translations, Davis, CA

<http://www.transcend.net>